Republic of the Philippines
**Department of Education**
National Capital Region
**DIVISION OF CITY SCHOOLS**
Nueva Ecija St. Bago Bantay, Quezon City

July 3, 2012

**MEMORANDUM TO:**

Assistant Schools Division Superintendent
Division/District /Supervisors
Principals of Public Elementary and Secondary Schools
Teachers in Charge/Health and Science Teachers
Medical section
All Others Concerned

## DENGUE ADVISORY

1. In line with the increasing number of school children afflicted with Dengue Virus in our Division, school administrators are enjoined to disseminate to the school populace, information on the prevention and control of Dengue Hemorrhagic Fever and eradication of the mosquito vector through destruction of its breeding places.

2. May we also request all public principals of all elementary and secondary schools to submit their recent dengue cases on or before the 1st day of each month starting August 1, 2012.

| Name of Student | Age | Grade/ Year level | School | Date treated ,Confined, Diagnosis/Out come(recovered or not) name of hospital or out patient | Home Address | Dengue Prevention Activities |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | |

3. Dengue cases reports maybe submitted at the Health and Nutrition Section. For more inquiries, please call 352-77-47

4. Attached is a DOH Advisory on Dengue H-Fever for your reference.

5. Immediate and wide dissemination of this Memorandum is desired.

**CORAZON C. RUBIO,CESO VI**
Schools Division Superintendent

**AUREA M. LOPEZ, M.D**
Medical Officer V
Health and Nutrition Section

# Dengue H-Fever

## *ANO ANG DENGUE H-FEVER?*

Ang Dengue H-Fever ay isang nakakahawang sakit na ang sanhi ay "virus". Ang virus na ito ay naisasalin sa pamamagitan ng kagat ng lamok.

Ang lamok na nakakapagsalin ng Dengue H-Fever ay *Aedes aegpti* at *Aedes albopictus*, mga uri ng lamok na nangangagat sa araw at nabubuhay sa loob at paligid ng bahay.

Ang isang tao ay maaaring magkasakit ng Dengue H-Fever kung siyo ay kinagat ng lamok na *Aedes aegypti* o *Aedes albopictus* na nakakagat ng pasyenteng may sakit.

## *ANU-ANO ANG MGA PALATANDAAN AT SINTOMAS NG DENGUE H-FEVER?*

- biglaang pagtaas ng lagnat na tumatagal nang 2 - 7 araw
- pananakit ng mga kalamnan at kasukasuan
- pananakit ng ulo at panghihina
- pagkakaroon ng maliit at mapupulang pantal
- pananakit ng tiyan
- pagdurugo ng ilong at gilagid
- pagsusuka o pagdumi nang maitim ang kulay na dulot ng pagdurugo ng bituka

## *PAANO MAIIWASAN ANG PAGKAKAROON NG DENGUE H-FEVER?*

- Huwag mag-iimbak ng anumang bagay na maaaring pag-ipunan ng tubig at pamugaran ng mga lamok sa loob at labas ng bahay tulad ng mga lata, bote at gulong ng sasakyan at panatilihing tuyo ang kapaligiran.

- Hugasan at kuskusing mabuti ang mga plorera at iba pang pinaglalagyan ng tubig isang beses sa isang linggo.

- Takpan ang mga pinaglalagyan ng tubig upang maiwasan ang pagpasok at pangingitlog dito ng mga lamok.

- Tingnan at linisin nang regular ang mga alulod ng bahay upang maiwasan ang pag-iipon dito ng tubig-ulan.

- Gumamit ng kulambo habang natutulog sa araw o dili kaya'y lagyan ng "screen" ang mga bintana o pinto ng bahay.

- Huwag magbibigay ng ASPIRIN sa taong pinaghihinalaang may sakit na Dengue H-Fever. Iwasan ang makagat ng lamok ang taong may sakit ng Dengue H-Fever upang hindi maikalat ang "virus" sa lamok na kakagat uli ng mga taong walang sakit.

- Ipagbigay-alam sa pinakamalapit na *health center* kung may pinaghihinalaang kaso ng Dengue H-Fever sa komunidad.

- Ugaliing gawin ang Four o'clock habit sa paaralan kung saan ang lahat ng mga mag-aaral at mga guro ay tulong-tulong na maglinis ng kapaligiran at magtaob ng mga maaaring pamugaran ng lamok tuwing pagsapit ng alas kuwatro ng hapon.

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
DEPARTMENT OF EDUCATION

For more information [illegible]
DepEd Central Office [illegible]
[illegible]

(Enclosure to DepED Memorandum No. 252, s. 2009)

## Ano ang dapat gawin sa inaakalang may Dengue?

- Para sa lagnat bigyan ng Paracetamol, punasan ang pasyente ng bimpo na binasa ng tubig para maginhawahan ito at painumin ng maraming tubig
- Huwag painumin ng Aspirin Maaaring maging sanhi ito ng pagdurugo
- Kumunsulta sa doctor sa pinakamalapit na *health center* o *hospital*.

**KUNG MAY LAGNAT NG DALAWANG ARAW, PUMUNTA AT KOMUNSULTA AGAD SA PINAKAMALAPIT NA *HEALTH CENTER* O OSPITAL**

**PUKSAIN ANG KITI-KITI SUGPUIN ANG DENGUE**

***DOH it na!***

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa:
National Center for Disease Prevention & Control
7116808/7438301 local 2350-2352

National Center for Health Promotion
Department of Health
Manila

# *Mga dapat Malaman Tungkol sa* DENGUE

150 back to back

c Direct all fogs at all possible mosquito resting sites bushes covered drains, tree-shaded areas and hedges

Post fogging

Instruction to houseowners

a Conduct clean up activities such as removal or disposal of all unnecessary containers in the vicinity of their houses. Clean clogged gutters, puncture or cut into halves discarded tires. Do this regularly.

Instruction to fogging team

1 Dispose insecticide containers properly by burying in dug pits away from water sources

2 Never re-use insecticide containers.

3 Do not throw left-over insecticide in canals, streams or garbage

## The "4 S Against Dengue"

- **Search and Destroy** breeding places of dengue-causing mosquitoes such as old tires, coconut husks, roof gutters, discarded bottles, flower vases and other containers that can hold clean stagnant water, use
- **Self-protection Measures** such as wearing of long-sleeve shirts and long pants and using mosquito repellants;
- **Seek Early Consultation** when early signs such as fever and rashes set in; and
- **Say No to Indiscriminate Fogging** except for outbreak

# DOH it na!

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa:
National Center for Disease Prevention & Control
7116808/7438301 local 2350-2352

National Center for Health Promotion
Department of Health
Manila

# GUIDELINES

ON



# FOGGING OPERATIONS

## Ano ang Dengue?

Ang dengue ay isang sakit na sanhi ng mikrobyong *"Dengue virus"*

## Paano nakukuha ang Dengue?

Ang dengue ay nakukuha sa kagat ng lamok, na tinatawag na ***Aedes aegypti*** at *Aedes albopictus*, na meron ng dengue virus na nakuha niya pagkatapos kumagat sa taong may dengue.



**Aedes aegypti**

Ang lamok na ito'y nangangagat sa araw at nangingitlog sa ano mang bagay o lalagyang naipunan ng malinaw na tubig. Ito'y namamahay sa madilim na parte ng loob at paligid ng bahay.

## Ano ang mga palatandaan ng Dengue?

- Sa umpisa: lagnat na tumatagal ng 3-5 araw, matinding sakit ng ulo, pananakit ng kalamnan at kasukasuan, panghihina, at walang ganang kumain.
- Kasabay ng pagbaba ng lagnat ay paglitaw ng mapupulang butlig - *"rashes"* - sa iba't ibang parte ng katawan.
- Maaaring magkaroon ng pagdurugo ng ilong at gilagid o pagsuka ng dugo o pagdumi nang maitim.

## Paano maiiwasan ang Dengue?

- Ang *"fogging"* ay pansamantalang paraan lamang ng pag-iwas sa dengue. Ang mabisang pagsugpo ng dengue ay ang pag-alis ng mga lalagyang maaaring pag-ipunan ng tubig at pangitlugan ng lamok.

**_Gawin ang mga sumusunod:_**

- Butasan o biyakin ang mga lumang gulong upang hindi maipunan ng tubig at pangitlugan ng lamok.



- Takpan ang mga drum, timba at iba pang ipunan ng tubig upang hindi pamahayan ng kiti-kiti.



- Palitan ang tubig ng plorera o flower vase minsan isang linggo.



- Linisin at alisin ang tubig sa paminggalan



- Linisin ang alulod ng bahay upang hindi maipunan ng tubig at pamahayan ng kitikiti.



- Itapon ang iba pang bagay na maaaring pag-ipunan ng tubig at pangitlugan ng lamok tulad ng lata, bote at lansan.

